

1

“Congrats, sis!”

“Ate, congratulations! *Summa cum laude* ka pa!”

Pangiti-ngiti lamang si Maila sa mga kapatid habang sakay sila ng taxi pauwi sa kanilang bahay. Pagkatapos ng anim na buwan simula nang maaksidente ang kanilang mga magulang, ngayon pa lamang siya ulit nakaramdam ng kaayusan sa buhay nila.

Tiningnan niya sina Rowell at Susan. Kapwa nag-aaral pa ang mga ito. Si Rowell ay third year na sa kursong Civil Engineering samantalang first year si Susan sa kursong Hotel and Restaurant Management. Parehong pinalad ang dalawa na makapasok din sa *U.P.* kung saan siya nakapagtapos ng Commerce major in Accounting.

Simple lamang ang buhay nila noong nabubuhay pa ang kanilang mga magulang. Umaasa lamang sila sa kita ng mga ito. Maliban sa lupang namana ng ama mula sa lolo nila, wala na silang ibang yaman. Gayunman, walang katumbas ang pagmamahal at kalingang ibinigay ng mga ito sa kanila.

Sa pinakamadilim na bahagi ng buhay nilang magkakapatid, si Maila ang nagsilbing poste sa kanila. Pinilit niyang magpakatatag para sa lahat. Ngayon, nadarama na niyang muli ang dating gaan ng dibdib. At alam niyang kahit na ano pa ang dumating sa kanila, malalagpasan nila iyon.

“Ano ang plano mo ngayon, Ate?” tanong ni Susan.

“Pinag-iisipan ko pa. Puwede na akong magtrabaho pero kailangan ko pa ring kumuha ng review para sa board exams,” tugon niya. “Pero may plano na ako; gusto kong harapin ang tindahan natin. Sa tingin ko kasi, malaki ang potential noon na lumago. Susubukan kong palakihin at patakbuhin iyon ng kahit isang taon. Kapag lumago, eh, di masaya. Kapag hindi, saka na ako maghahanap ng trabaho. Marami pa namang oportunidad at bata pa ako.” Nagkibit-balikat siya.

Nang sabay na mamatay ang kanilang mga magulang sa isang aksidente, nakapag-iwan ng benepisyong mga ito mula sa gobyerno. Maliban pa roon, nakatanggap sila ng malaki-laking halaga mula sa insurance na kinuha ng ama noong binata pa ito.

Iyon ang ginamit ni Maila sa pagtustos sa pag-aaral nilang tatlo. Bukod doon, pinatayuan niya ng

dalawang paupahang kuwarto ang likod-bahay nila. Ang kita roon ang ginagamit niya sa araw-araw na gastos nila.

Naputol ang pagmumuni-muni ng dalaga nang kalabitin siya ng kapatid.

“Ibig mong sabihin, Ate, araw-araw ay nasa bahay ka na? Pagsasawaan ko na ang mukha mo?”

“Ganoon na nga, Rowell. Sa ayaw at sa gusto mo, lagi mo na akong makikita mula ngayon,” natatawang sagot niya.

“Hindi ako magsa-summer ngayon, Ate,” singit ni Susan. “Parang sa mga nangyari sa atin, gusto ko munang magpahinga ng ilang buwan sa pag-aaral. Tutulungan na lang kita sa tindahan. Isa pa, malaki ang kinikita ko sa pagbebenta ng mga prutas sa harap ng tindahan natin, eh.”

“Ako rin, Ate,” sabad ni Rowell, “baka puwedeng magpahinga muna ako. Gusto ko nga sanang sumama sa classmates ko. May youth training program sila’t puwede akong kumuha ng summer job sa isa sa malalaking kompanya dito. On-the-job training pero may suweldo ako. ’Yon, eh, kung papayag ka.”

“Sige. Ang sa akin lang ay huwag n’yong pababayaan ang mga pag-aaral ninyo. ’Yan lang ang

maaari kong itulong sa inyo galing kina Inay at Itay.”

“At saka, i-treat mo naman kami ni Kuya Rowell sa medyo maayos na restaurant, Ate. Aba, hindi araw-araw ay nakakakuha ka ng mataas na honor sa pinakamagaling sa eskuwelahan.”

Natawa siya sa kapatid. “Bobolahin mo pa ’ko. Sige, tatal ay malapit na tayo sa Tandang Sora....” Binalingan niya ang taxi driver. “Mamang driver, ipara ninyo nga kami diyan sa *Racks*. Sabi nila’y masarap daw ang ribs diyan.” Hinarap niya ulit ang mga kapatid. “Ngayon lang ito, ha! Baka mawili kayo. Saka na tayo lumabas palagi kapag kumikita na ako.”

“Ang ibig mo bang sabihin, ’yong pagpapalaki ko lang ng tindahan, thirty thousand na agad ang gastos? Mike, hindi low-cost housing ang pinapagawa ko sa ’yo, renovations lang,” exaggerated na sabi ni Maila.

“Naman ka rin,” biro ng kausap niya. “Alam mo namang aayusin din ang loob at labas nitong tindahan mo. Pinagtagpi-tagping plywood lang ito ngayon ’tapos mga sobrang yero lang nang gawin ang kuwarto doon sa likod ng bahay n’yo. Mababa na nga ang sinabi kong halaga dahil halos wala na

akong kikitain diyan. Tatakbo pa ulit 'yan ng mga ten to fifteen thousand. Pipintahan pa 'to.”

“Mike naman, para kang hindi kaibigan niyan, eh.”

Napabuntunghininga na lang ang lalaki.

Matagal nang magkaibigan sina Maila at Mike. Lalo pang napagtibay ang pagkakaibigan nila nang makatuluyan ng lalaki ang best friend ni Maila na si Lourdes.

“O, ano na ba ang napag-usapan ninyo?” bungad ng asawa ni Mike. May dala itong tray ng pagkain para sa dalawa. “Kanina pa kayo nag-uusap diyan. May pinupuntahan ba ang pag-uusap n’yo?”

“Paano naman kami magkakatapusan, eh, hanggang ngayon ay ayaw pumayag ni Maila sa presyo.”

“Hoy, Mike! Kung hindi mo naman na kasi ako tinutubuan, eh, di sana tapos na tayo kanina pa,” ganti niya. “Sige na naman, o.”

“Tumigil na nga kayong dalawa diyan; baka mapaanak ako nang wala sa oras dahil sa inyo,” sabad ni Lourdes na walong buwan nang buntis. Wala mang hugis ang katawan nito at namamaga na ang ilong

ay bakas ang kaligayahan sa mukha nito.

“Okay ka lamang, Hon?” may pag-aalala sa tinig na tanong ni Mike. “I love you, Des,” malambing na bulong nito sa kabiyak.

“Hus! Ikaw talaga, hindi ka na nahiya kay Maila,” waring napahiyang sabi ng babae.

“Susme! Huwag n’yo na akong pansinin,” natatawang saway niya. “Mike, tapusin na natin ito. Gabi na’t alam kong gusto n’yo na ring magpahingang mag-asawa. Kung talagang thirty thousand, sige na. Kung ito-total ang lahat ng gastos, eh, kailangan ko ng mga fifty thousand para maipaayos ang tindahan ko.” Nailing siya. “Hay naku!”

“Pero maghanda ka pa ng kaunting allowance, Mai. Mabuti na ring may palugit ka para hindi mabitin ang gawa kung sakaling kapusin man ’yung fifty,” sabi nito.

Napailing siya. “Alam mo, hindi ko akalain na ganoon kalaki ang gagastusin sa pagpapaayos ng tindahan. Pag-iisipan ko muna kasi baka kapusin ako.”

“Kung kakapusin ka, bakit hindi ka na lang muna humiram sa akin? Ako na lang muna ang gagastos, ’tapos bayaran mo na lang kapag kumikita ka na.”

“Oo nga, Mai. Medyo maluwaag naman kami. Bakit hindi ka na lang muna humiram?” salo ni Lourdes.

“Sobra-sobra na ang naitulong ninyo, hindi lang sa akin kundi pati sa mga kapatid ko. Kalabisan na yata kung uutangan ko pa kayo,” tanggi niya.

“Para ka namang iba pa sa amin. Huwag ka nang mahiya; kami na ang pangalawang pamilya mo kung tutuusin,” sabi ni Lourdes. “Sige na.”

“Nakakatuwa tayo, 'no? Kayo pa ang namimilit,” nangingiti niyang sabi. “Hayaan mo, pag-iisipan ko nang maigi; hindi na ako mahihiya. Ayaw ko rin kasing umpisahan ang negosyo ko nang may utang. Pero kung ganoon talaga, hayaan ninyo at kayo ang unang-una makakaalam ng desisyon naming tatlo,” pagtatapos niya. “Sige, ganoon na lang muna. Pasensya na kayo't naabala ko kayo nang husto.”

Tumayo na siya. Inihatid siya ng mag-asawa sa pintuan.

Hindi makatulog si Maila nang gabing iyon. Sixty thousand lamang ang budget niya para sa tindahan. Kung fifty thousand ang magagastos sa pagpapaayos, ten thousand na lamang ang matitira sa kanya. Kung magagamit pa iyon kung sakaling kapusin, ano pa

ang ipapasok niyang paninda roon?

Dapat siguro'y magtrabaho muna ako, naisip niya. Kung makakapaghanapbuhay siya, papaano naman ang tindahan? Malaki ang pag-asa nitong kumita nang malaki dahil malapit sila sa palengke. Baka palaring umunlad iyon at maging daan para makaipon siya nang husto para makapagpatayo ng isang grocery store.

Manghiram kaya ako kay Mike? Pero nakakahiya. At saka gusto kong makapagsimula sa sarili ko.

Di bale, hahanap na lang ako ng ibang paraan, pasya niya. Pagkatapos niyon ay nakatulog na siya.

Mainit na nga, dagdagan pa ng problema! Ito ang nasa isipan ni Maila habang tumatawid siya sa may kahabaan ng Crossing. Nakalimutan ni Susan ang pitaka nito sa bahay bago umalis kaya napilitan siyang sumunod dito sa Pasig. Pinag-usapan na lamang nilang magkita sa tapat ng Jollibee sa EDSA Central.

Ngayon nga ay patawid na si Maila kasama ang problemang dinadala niya sa tindahan. Napakainit dahil kasagsagan ng sikat ng araw. Nakita naman niya kaagad si Susan

“Alam mo, kung hindi lang ako mabait, hindi ko ito gagawin para sa 'yo,” bungad niya sa kapatid habang iniaabot ang pitaka rito.

Napangiti na lang ito. “Masyado ka kasing aburido, eh. Mabuti na ring inihatid mo dahil hindi ka na halos lumalabas sa bahay. Makapamasyal ka naman kahit na papaano,” sagot nito.

Hindi siya nakasagot. Totoo ngang hindi na siya nakakalabas ng bahay pagka-graduate niya. Masyado kasing mainit. Tinatamad siyang maglakwatsa.

“Sige, Ate, aalis na ako. Thank you ulit, ha?”

Tumango lang siya.

Tatal at nasa labas na rin lang, naisipan na niyang magpasyal sa mall. Tumawid na siya at pumasok sa loob ng *Shangri-La Plaza*. Dumaan siya sa bookstore at nag-umpisang tumingin ng mga librong non-fiction.

“Maila?”

Napaangat ng ulo niya. Nakasalubong niya ng tingin ang isang babaeng pamilyar ang mukha sa kanya.

Maganda ito, mahaba ang bagsak ng buhok na medyo kulay pula. Maputi at makinis ito, at nakaasul

na contact lenses pa. Nakasuot ito ng pantalon at blusang halatang mamahalin; balot na balot ito ng mga alahas.

“Ikaw si Maila, di ba?” nakangiting ulit nito. “Maila Concepcion de Guzman?”

Tumango siya. “Ako nga. Kilala ba kita?”

“Mai, you don’t remember me? I’m Claire, Clarissa Nakpil, kabarkada mo noong high school. Hindi ba tatlo tayo? Ikaw, ako at si Lourdes Agno? Nakalimutan mo na ba ako? Come on!”

“Claire?” kunot-noong tanong niya. “Claire!” bulalas niya nang makilala ito. “Kumusta ka na? Ang ganda-ganda mo na ngayon. Paano ka gumanda? Saan ka ba nagsuot? Di ba nag-migrate kayo sa Amerika ng pamilya mo? Nagbabakasyon ka ba dito?”

Tumawa ang babae. “Hindi, ’no! Ang tagal ko nang nandito. Remember, umalis ako noong second year high school tayo? Hinatid n’yo pa nga ako’t nag-iyakan tayo sa airport. Bumalik ako after five years. Ipinagpatuloy ko ang pag-aaral ko dito at ako na ngayon ang nag-aasikaso ng negosyo ng pamilya namin dito. Na-stroke ang daddy ko last year and since then, I’ve been running the company.

“Almost three years na rin ako dito,” patuloy

nito. “Hinahanap ko nga kayong dalawa ni Des at pinuntahan ko ’yung mga bahay n’yo. Pero wala na kayo d’on at wala namang makapagsabi kung nasaan na kayo. Naging busy na ako kaya hindi ko na rin masyadong naasikaso ang paghahanap sa inyo,” pagtatapos nito.

“Lumipat kami noong third year tayo,” pagbabalita niya. “Ipinamana ng mga lola kay Tatay ’yung bahay nila sa Novaliches kaya lumipat na kami doon. Sina Lourdes naman, umuwi sa probinsya at inasikaso ’yung mga lupain nila doon. Pero may asawa na siya ngayon at magkapit-bahay na ulit kami.”

“Ang daya-daya n’yo naman!” bulalas nito. “Halika, kumain tayo’t mag-usap. Tiyak na marami tayong mapagkukuwentuhan,” yaya nito.

“Sige,” pagpayag niya.

Dinala siya nito sa *Sukhothai*. Kumain sila at masayang nagkuwentuhan tungkol sa mga dating kaklase at pagkakakilala nina Lourdes at Mike.

“Diyata’t kababata mo pa ang nasilo ni Lourdes!” sabi ni Claire habang tumatawa.

“Masayang-masaya naman sila lalo na ngayong hinihintay ang pagdating ng panganay nila,” sabi ni Maila.

“Susme! Anak? Having a child is the last thing on my mind. Bakit naman siya nagbuntis agad?”

Itinago niya ang inis sa reaksyon nito. “Iba-iba naman tayo ng gusto sa buhay. Hayaan na natin siya kung saan siya maligaya.”

“Eh, ikaw, pulos ka pa rin pag-aaral?”

“Nakatapos na ako. Marami rin akong balak pero paghihirapan ko pa. Mabuti ka pa nga, lahat ng gusto mo, abot-kamay mo lang.”

Nagkibit-balikat ito. “Mai, sasama ako sa iyo pauwi; gusto kong bisitahin si Des. Medyo may oras pa bago ako bumalik sa opisina. Tomorrow, busy na naman ako. I’m leaving for the States sa katapusan ng buwan and I have to do a lot of things bago ako lumipad.”

“Akala ko ba’y dito ka na?” takang tanong niya.

“Dito nga, kaya lang, I have to renew my green card. At saka, I feel like I need a break. Sa New York ang punta ko. Tutuloy ako sa Paris at Italy afterwards. Magbabakasyon grande ako.”

“Gaano ka ba katagal doon?”

“Three to six months. Uuwi muna si Kuya Jim para humalili sa akin pero hindi siya magtatagal dahil

inaasikaso din niya ang business niya doon. Gusto ko rin sanang magtagal ng eight months pero,” sabi nito, sabay kibit-balikat, “beggars can’t be choosers.”

Matapos bayaran ang bill, umalis na sila at nagtungo kina Lourdes.

Tulad ni Maila, hindi rin nito halos nakilala ang dating kabarkada. Matagal na nagkuwentuhan ang tatlo at ayaw pa sanang umalis ni Claire kaya lang ay nag-beep ang assistant nito at pinapupunta ito sa opisina.

“Hindi na ako magtatagal,” paalam nito. “Bibisita ulit ako bago ako umalis. Des, sayang at hindi ko nakilala si Mike. Sa susunod, I’ll invite the three of you to dinner. Despedida ko na iyon.”

Nang nasa pintuan na, nilingon nito si Maila. “Tatal wala ka pang trabaho, I’d like to offer you a job. Hindi naman siya permanent pero it will be worth your while. I’ll call you, okay? Probably tomorrow.” At tumalikod na ito at humakbang patungo sa *BMW*.

Nang malayo na ito ay saka lamang nagsalita si Lourdes. “Ano kaya ’yung sinasabi niyang trabaho?”

“Ewan ko,” maikling sagot ni Maila.

“Para kasing hindi ako makapaniwala na

aalukin ka niya ng trabaho. Alam naman nating abot hanggang langit ang inggit niya sa 'yo, di ba? Halos walang araw noon na hindi ka niya pinarurunggitan.”

“Na mahirap lang kami? Oo nga, eh. Nagtataka rin nga ako. Siguro, nakalakhan na niya 'yon. Anim na taon na ang nakalilipas. At saka ano pa ang ikaiinggit niya sa akin? Nasa kanya na ang lahat—pera, career, beauty, at sabi niya, engaged to be married na siya. Ano pa ba ang dapat niyang ikainggit sa akin?”

“Aba, di hamak namang maganda ka doon, 'no! Mautak ka pa; at career-wise or money-wise, kung gugustuhin mo, kaya mo ring abutin ang kung anumang meron siya. Eh, siya nga itong asa lang sa magulang,” inis na sabi nito.

Natawa na lang siya. “Bakit ba parang galit na galit ka kay Claire?”

“Hindi naman. Napansin ko lang, parang sinusukat ka niya kanina. At kung hindi ako nagkakamali, kinaiinggitan ka pa rin niya. Kaya huwag kang masyadong maglalalapit sa kanya, Mai. She's bad news.”

“Oo na,” sabi niya para tumigil na ito. Ayaw na niya itong patulan dahil hindi siya interesado sa kung anumang offer ni Claire.

2

“John, ano ba ito? Bakit ang daming problema sa unit mo?” mainit ang ulo na tanong ni Andrew. “Ilang beses na ba kayong nade-delay sa deliveries n’yo? Bakit wala pa kayong mga follow-up sa initial buyers natin sa Tandang Sora? Alam mo ba na malaki ang market natin sa banda roon? At saka bakit pati collections natin, hanggang ngayon ay wala pang pumapasok? Magse-second week na ng buwan at wala pa rin ang mga bayad. Ano’ng problema?”

“Iyan nga ang gusto kong i-discuss sa iyo,” tugon ni John. “Yong salesman natin doon na si Ricky, two weeks nang hindi nagre-report. AWOL na nga siya. Ang kaso, noong nag-follow up kami sa mga tindahang sinu-supply-an natin, nagbayad na daw sila kay Ricky three weeks ago at ’yong mga ni-report niyang follow-ups sa mga tindahan at groceries, forged lahat ng signatures doon.

“At sa mga deliveries,” patuloy nito, “talagang made-delay dahil hindi ako makapag-release ng mga goods dahil hindi ako sigurado kung magbabagsak na ako samantalang wala pang bayad na natatanggap sa mga previous supplies. Nag-check ako sa address

ni Ricky. Two weeks na rin daw hindi umuuwi 'yung tao.”

Napasapo na lang sa noo si Andrew. Monday morning at ganoon na kaagad ang sumalubong sa kanya. Magsasalita na sana siya nang biglang tumunog ang intercom sa mesa.

“Mag-usap tayo ulit, John. Top priority natin ito. This is a big problem,” aniya bago pinindot ang intercom.

Sa gandang lalaki at sa murang edad, hindi iisiping si Andrew ang may-ari ng isang malaking distribution company ng mga de-lata at kung ano-ano pang produktong ibinebenta sa mga tindahan at grocery stores. 5’9” ang taas niya, kayumanggi ang kulay, makapal ang mga kilay, matangos ang ilong at mapupula ang labi na tama lamang sa kanyang mukha. Matipuno ang panga-ngatawan niya na resulta na rin ng tamang pangangalaga sa sarili.

Siya ay isa roon sa mga tinatawag na malakas ang appeal. Kung makakasalubong sa daan, siya ang tipong lilingunin at hahabulin ng tingin.

Bukod sa mga panlabas na katangiang iyon, may likas siyang kabaitan bagaman iilan lamang sa mga taong malapit sa kanya ang nakakaalam niyon.

Dahil na rin sa pinapatakbong negosyo, natuto siyang patigas ang puso at pairalin ang isip.

“S-Sir,” nag-aalangang simula ng sekretarya sa intercom.

“Bakit, Tess?”

“Sir, si Miss Nakpil po nasa line four. Gusto daw po kayong makausap.”

“Sabihin mo sa kanyang I’m busy. Kung gusto niya, mamaya na lang at marami pa akong inaasikaso,” inis niyang tugon.

“Eh, Sir, kanina pa po siya tawag nang tawag. Kanina ko pa nga ho dini-delay pero sabi ho niya, pupuntahan daw niya kayo ngayon kung hindi n’yo siya kakausapin.”

“O, sige na nga. Put her through.” Iniangat niya ang telepono.

“Hello, Sweetheart. I’ve been trying to reach you for the past two hours,” inis na bungad ni Claire. “Nag-beep ako, tumawag ako sa cell phone mo, at pati na diyan sa office; bakit ayaw mo akong kausapin?”

“Nagkataong marami akong ginagawa, unlike you,” sarkastiko niyang sagot. “Busy ako, Claire. Ano ang gusto mong sabihin?”

“Ikaw naman, para ibang tao ako,” biglang paglambing nito. “May importante akong sasabihin sa ’yo. Let’s go out tonight. Mag-dinner tayo sa *Melo’s* and then let’s drink somewhere. Is that okay with you?”

“No, it’s not. Hindi ako puwedeng lumabas. Mayroong problema dito sa opisina and I need to attend to it. Dito na siguro kami kakain ni John and past midnight na siguro ako makakauwi.”

“Andrew, this is very important,” pangungulit nito. “Pagbigyan mo na ako. Remember, malapit na akong umalis, baka ma-miss mo ako.”

Napabuntunghininga siya. “Okay, okay. Pero mga ten na tayo magkita. Busy talaga ako.”

“That’s fine with me. Magkita na lang tayo sa resto, okay?”

“Sige.”

“Bye, Sweetheart.”

Pagkababa ng telepono, hindi malaman ni Andrew kung ano ang madarama. Nang una silang magkakilala ni Claire, inakala niyang ito na ang perfect girl para sa kanya. Maikli lang ang panahon ng kanilang pagliligawan at bago pa niya nalaman,

engaged na siya rito. Nang mangyari iyon, saka niya nakilala ito nang lubusan; at hindi niya nagustuhan ang ilan sa mga pag-uugali nito.

Buong akala niya ay ang babae ang nagpapatakbo ng kompanya ng pamilya nito. Laking gulat na lamang niya nang malamang wala itong nalalaman sa pasikut-sikot ng negosyo at ang mga tauhan ng ama nito ang nagpapalakad ng kompanya. Sa pangalan lamang ang posisyon nito. Nabatid din niyang may bisyo ito—tulad ng paninigarilyo at pag-inom ng alak—at wala itong sawa sa night life.

Matapos ang kanilang engagement ay nagpilit itong magsama na sila dahil pareho lang daw iyon sa kasal. Hindi siya sumang-ayon dahil conservative siya at naniniwala pa rin sa kasal. Gayunman, alam niyang marami nang lalaki ang nagdaan sa buhay nito. Tanggap na niya iyon.

Noon ay umaasa pa siyang baka kakitaan ito ng pagbabago bago man lamang sila ikasal ngunit wala talaga. Ngayong aalis ito patungong Amerika, naisip niyang makakabuti iyon upang mabigyan niya ng panahon ang sariling makapag-isip at makapagdesisyon kung saan dapat ilugar si Claire sa kanyang buhay. O kung may lugar ba talaga ito roon.

Nakasimangot si Claire nang ibaba niya ang telepono pagkatapos makausap ang kasintahan.

“Wala talagang kabuhay-buhay, hmph!” bulong niya sa sarili.

Sa edad na twenty-two, pakiramdam ng babae ay kailangang ma-experience at magawa na niya ang lahat ng maaaring gawin bago mag-asawa. Kung tutuusin nga ay ayaw pa niyang magpakasal lalung-lalo na sa katulad ni Andrew. Marunong din namang mag-gimmick ang lalaki kaya lamang ay kulang na kulang iyon para sa kanya. Nang magkakilala sila, pinagtatawanan pa niya ito dahil kahit na nga may hitsura ay masyado itong pormal at hindi marunong mag-enjoy. Naintriga lamang siya rito at na-challenge na kaya niya itong paamuin. At nagtagumpay siya.

Nang niligawan siya, sinagot niya kaagad ito dahil alam niyang mayaman ito at ulila na; masosolo niya ang yaman nito. Isa pa, iyon ang kagustuhan ng kanyang ama kaya hindi na siya tumanggi pa. Ang turing niya kay Andrew ay isang malaking insurance na dapat ingatan at alagaan. Ayaw niya itong mawala ngunit ayaw ring maging hadlang sa kanyang kaligayahan.

Nitong huling mga buwan ay nadarama niyang parang ayaw na rin nito sa kanya pero hindi nga

lamang makapagdesisyon dahil masyado itong busy sa negosyo. Naisip tuloy niyang magbakasyon muna sa Amerika upang maipagpatuloy ang mga bisyeroon. Sa ganoon, hindi nito malalaman kung anuman ang mga ginagawa niya. Isa pa, may nakilala siyang isang Amerikanong DJ sa minsang pagpunta niya sa disco. Ito ang kinalolokohan niya at present, at nais niya itong sundan sa New York. Kasinungalingan lang ang paalam niyang dadaan pa siya sa ibang bansa. Gugugulin niya ang lahat ng panahon na kasama si Stephen.

Pero hindi niya iiwan si Andrew na walang bantay. Gusto niya habang wala siya ay may magsasabi sa kanya kung ano ang mga ginagawa nito. At perfect si Maila para sa papel na iyon.

Napangiti siya nang maalala ang dating kaklase. Halos wala pa rin itong ipinagbago simula noong high school. Simple pa rin ito at mukhang walang kaalam-alam sa mundo maliban sa mga nababasa nito sa libro. Tamang-tama ito para magbantay kay Andrew. Hindi ito ang tipo ng kanyang nobyo, alam niya iyon.

Napangisi si Claire sa naiisip.

“Ano’ng ibig mong sabihin na may kinuha kang assistant sa bahay para sa akin?” mainit na tanong ni Andrew habang pinipilit maging komportable sa sala ng townhouse ni Claire sa Greenhills. “Alam mo bang nag-cancel ako ng importante kong meeting ’tapos sasabihin mo lang sa akin na kailangan ko ng assistant? At kailan ka ba nagkaroon ng interes sa pamamalakad ng bahay ko?”

“Bakit mo kinansela ang dinner natin? Kung natuloy ’yon at pareho tayong nag-enjoy sa masarap na pagkain, siguro hindi magiging ganito ang dating nito sa ’yo!” mataas ang boses na paninisi ng babae.

“Wala akong nakikitang difference que pizza lang o Angus beef pa ang kinain natin. Hindi pa rin ako makapaniwalang ito lang ang sasabihin mo sa akin,” nagtitimpi niyang sabi. “Hindi ko kailangan ng assistant sa bahay ko; masaya na ako sa katulong ko. Alam mong hindi na ako halos umuuwi, ano’ng point para kumuha pa ako ng assistant sa bahay?”

“Actually, hindi naman siya talaga magtatagal, eh. Nandoon lang siya habang wala ako dito. Siyempre, para alam ko na nasa mabuti kang kalagayan,” paglalambing nito. “Gusto ko, mapagkakatiwalaan ang taong nakatira sa bahay mo.”

“Ah, gusto mo akong pabantayan?” sarkastiko

niyang tugon. “At saan mo naman napulot itong assistant mo? Hindi ka rin siguro nahirapang hikayatin siya, ano?” galit niyang tanong. “Magkano naman ang ibabayad ko sa kanya? Pati ba ang mga ginagawa mo sa akin, gagawin din niya?”

“Hindi ko papatulan ang mga sinasabi mo, Andrew,” kunwa’y pagtatampo ng babae. “Kakalimutan kong narinig ko ’yon at kung maniniwala kang pinababantayan lang kita, bahala ka. Basta ang gusto ko, siya ang assistant mo. Kung gusto mo siyang pagtrabahuhin sa bahay ng extra works mo sa office, fine with me. Kung gusto mo siyang dalhin sa office, much better. Pagkabalik ko, wala na rin siya.” Pinalambot nito ang mukha. “Pagbigyan mo ako. Sanayin mo na ang sarili mo dahil pag mag-asawa na tayo, ako ang gagawa ng mga desisyon sa loob ng bahay.”

Hindi umimik si Andrew. Tumayo siya at umupo sa wine bar. Pagbibigyan na niya ito. Para kahit ano pa ang maging desisyon niya pagbalik nito, wala itong masasabi.

Sa ganoong pagmumuni-muni ay nakaramdam siya ng yakap nito mula sa kanyang likod. Ikiniskis ni Claire ang katawan sa kanya habang pahalik-halik na bumu-bulong ito sa tainga niya.

“I’m sorry kung hindi ito importante sa iyo. Pero kung mahal mo talaga ako, pagbibigyan mo ako, di ba?”

At naramdaman niya ang mga kamay nitong bumaba sa kanyang puson. Parang bigla siyang nahapo. Gusto na niyang umuwi at mahiga. Gusto na niyang makapagpahinga.

Napabuntunghininga siya at humarap dito. “Bahala ka na, Claire. Sige, payag akong ikuha mo ako ng assistant. Pero sa araw ng balik mo, wala na ang amuyong mo sa bahay ko. Pagtitiisan ko na lang siya pero hindi ko paaalisin si Aling Mercedes. Mabuti na rin na nandoon ang katulong dahil baka walang alam na trabaho ang nirerekomenda mo maliban sa sumulat at mag-report sa iyo.”

Ngumiti ito. “Thank you, Sweetheart, I love you.”

Napatango na lamang siya habang inaayos ang nagusot na damit.

3

“Five hundred thousand pesos? Biro ba ’to?” Natatawa si Maila habang hinahalo niya ang kinakain na carbonara. Dinaanang siya ni Claire sa bahay at niyayang kumain. Tumuloy sila sa *Angelino’s*. Doon sinabi sa kanya ng kaibigan kung ano ang ini-o-offer nitong trabaho at magkano ang bayad.

“Hindi ako nagbibiro,” sabi nito. “That’s what I’ll give you at the end of, what, around six months. Gusto ko lang tumira ka doon sa bahay niya hanggang umuwi na ako. Nandoon din ang isa niyang maid kaya halos wala ka ring gagawin. Kung may ipapagawa siyang trabaho galing sa office, tulungan mo siya. Nasa linya rin naman ng tinapos mo ang gagawin mo, eh. Basta’t tatawagan kita linggu-linggo at sabihin mo sa akin kung kumusta na siya. You’ll also receive a monthly salary of three thousand para may panggastos ka naman. Bibigyan na kita ng cheque ngayon. Pero ’yung five hundred thousand, ibibigay ko pagdating ko.”

“Eh, bakit mo pa ako bibigyan ng ganoon kalaking halaga?” takang tanong niya. “Bakit hindi mo na lang siya pabantayan sa kapatid mo? O di kaya naman ay

sa mga pinsan mo? Bakit ang laki ng ibabayad mo? Ano bang kalokohan ang ginagawa ng nobyo mo?”

“Parang tulong ko na lang ’yon sa tindahan mo. Alam kong hindi ka na tatanggap ng abuloy, eh. At saka, Mai, importante sa akin na tanggapin mo ito. Malay mo, mga three or four months lang, nandirito na ako. Buo pa rin ang halagang ibibigay ko sa iyo.

“Gusto ko lang na mapagkakatiwalaan ang maku-kuha ko,” patuloy na pangungumbinsi nito. “Importante talaga si Andrew sa akin. Maliit na halaga lang iyon kung ikukumpara sa pag-aalala ko na baka habang nalulungkot ako doon ay nandito naman siya at may kapiling na iba. Mahal na mahal ko siya, Mai. Ayaw kong mawala siya sa akin. Isa pa, hindi ka pa rin naman busy sa ngayon dahil wala ka pang trabaho. Ayaw mo ba noon, after four or six months, mayroon ka nang kapital para sa tindahan mo? At maipapa-renovate mo pa iyon ayon sa gusto mo?”

“Ayaw kong madamay kung may gulo man kayong dalawa,” nag-aalangan niyang sabi.

“Wala kaming gulo, Mai. Gusto ko lang mabantayan siya nang husto para mapanatag ako.”

“Wala ka bang tiwala sa nobyo mo?”

“Mayroon kaya lang... Basta! Hindi mo maiintindihan kung sasabihin ko man sa iyo. Iba ang sitwasyon namin ngayon at dahil nga malaki ang problema niya sa negosyo, hindi kami gaanong magkaintindihan.”

“Bakit hindi mo muna i-settle ang differences n’yo bago ka umalis? I doubt na tatagal ng two months ang pinagkakaabalahan niya ngayon. Hindi mo man lang ba siya mahihintay para lang magkaliwanagan kayo? Sa ganoon, hindi mo na siya kailangang pabantayan at hindi ka na mawawalan ng ganoong kalaking halaga.”

“Money is no matter; marami ako noon,” pagbabale-wala nito. “Kailangan ko na kasing pumunta sa New York; may susundan akong business associate doon and we’re planning to put up a business there. Mahihintay ba ako noong tao? Baka after two months, limot na ako noon.”

Napatingin sa malayo si Claire. Iyon ang dahilan kung bakit nagmamadali siyang makaalis. Dalawang linggo na simula nang umuwi sa New York si Stephen at hindi pa ito tumatawag sa kanya. Natatakot siyang baka nakalimutan na siya nito.

Matagal na tumahimik si Maila. *Mga apat na buwan, mahaba na raw kung aabot sa anim.* Napaka-

laking halaga ng offer ng kaibigan at nakakahinayang tanggihan. Hindi niya maisip kung ano ang masama kung tatanggapin niya ang alok nito. Para lang naman iyong trabaho ng isang sekretaryang nag-aasikaso ng business ng boss nito sa bahay. Marami siyang alam na kaklaseng may sekretarya ang mga ama sa bahay.

“Kung papayag ba ako,” paniniyak niya, “paano ako makakasigurong walang masamang mangyayari sa akin doon?”

“Mabait ang nobyo ko; wala kang masasabi doon. 'Andoon pati ang katulong niya. At saka halos hindi umuwi si Andrew sa bahay niya. Gusto ko lang kapag nandoon siya, alam mo kung saan siya nagpupunta, sino'ng kasama niya, at kung ano ang mga pinaggagagawa niya.

“Kapag weekends, Saturday or Friday night pa lang ay pupuwede ka nang umuwi sa bahay n'yo. Bumalik ka na lang kapag Monday morning na. Isa pa, kung sa pakiramdam mo'y ginagawan ka niya ng pagsasamantala, umalis ka na agad at saka mo ako tawagan sa New York. Uuwi ako agad para komprontahin siya.”

“Pag-iisipan ko, Claire.”

“Magdesisyon ka agad, Mai. Kasi aalis na ako a

week from today. Marami pa akong dapat asikasuhin maliban dito.”

“Tawagan mo na lang ako bukas. Ikokonsulta ko muna sa mga kapatid ko.”

Ang nangyari, hindi na sinabi ni Maila sa mga kapatid ang tungkol sa alok ni Claire. Hindi na rin niya iyon binanggit kay Lourdes dahil wala itong tiwala sa dati nilang kabarkada at ayaw siyang makipagkitang muli rito.

Kinabukasan, tinawagan siya ni Claire.

“O, ano, nakapagdesisyon ka na ba?” tanong nito.

“Oo, pumapayag na ako. Huwag mo na lang masabi sa mga kapatid ko at kay Lourdes,” pakiusap niya. “Sabihin mo na lang na ginawa mo akong katiwala doon sa townhouse mo habang wala ka dito. Kahit na ano, para lang huwag silang magsuspetsa.”

“Sige, sasabihin ko na lang na pinatitingnan ko sa iyo’yung flower plantation namin sa Laguna. Medyo malayo iyon pero ayos nang alibi.”

“Isa pang bagay, Claire. Kapag nandoon na ako sa bahay ng boyfriend mo, huwag mo sanang masasabi sa kanya kung saan ako nakatira, kung

ano ang tinapos ko, etcetera. Hindi na importanteng magkakilala pa kami nang lubusan.”

“Okay.” Ganoon talaga ang mangyayari dahil walang intensyon si Claire na ipaalam kay Andrew ang anumang personal na impormasyon tungkol kay Maila.

“Kailan ako magsisimula?”

“Dadalhin kita doon bukas. Hindi na puwede ngayon dahil may gagawin pa ako.”

“Hihintayin na lang kita dito sa umaga.”

“Sige, ’bye.” Nakangising ibinaba ng babae ang telepono. *Ha! Ang nagagawa nga naman ng pera.*

Tiningnan nito ang oras at saka nagmamadaling nagbihis. May lakad pa ito kasama ang barkada.

“Kapag weekends ay nandito naman ako,” sabi ni Maila sa mga kapatid. “At saka ’andiyan si Sylvia para tulungan kayo sa tindahan. Sayang kung di ko tatanggapin ito dahil malaki ang suweldo at para makapagbakasyon pa ako. Kung tutuusin nga’y parang pahinga lamang ito dahil nga sa Laguna iyon,” paliwanag niya.

“Ate, okay lang sa amin iyon. Basta, mag-iingat ka lang,” sabi ni Susan. “Kung hindi ka namin puwedeng tawagan, ikaw na lang ang tumawag sa amin.”

“Sige. Hindi porke’t wala ako rito’y pupuwede na ’yang pagbabarkada mo, ha!” sabi niya. “Pababantayan ko kayo kina Mike at Lourdes. Kapag may narinig akong hindi maganda, humanda kayo sa akin.”

“Ate naman!”

“Pati ikaw, Rowell. May mga nakakarating na balita sa aking madalas ka daw dumalaw kay Kristy sa kabilang kalye. Pag-aaral muna, ha? Ayokong may mangyaring hindi maganda diyan.”

“Ate naman, kung sermunan ako, para akong bata.”

“Nagpapaalala lang ako, Rowell. Hindi naman ako tutol kung manligaw ka at disenteng babae naman ’yang si Kristy. Ang akin lang, huwag mong pababayaan ang pag-aaral mo. Dalawang taon na lang at matatapos ka na. Huwag mong sirain ang magandang oportunidad na maibibigay mo sa sarili mo’t sa magiging pamilya mo kung di ka magmamadali.”

“Opo, Ate,” sabay na sagot ng dalawa.

Huminto sina Maila at Claire sa tapat ng isang class na condominium sa Makati. Pagkatapos magpark ay umakyat sila sa elevator papuntang seventh floor. Pagdating doon, dumeretso sila sa unit ni Andrew.

Binuksan ni Claire ang pinto sa pamamagitan ng sariling susi. Pagkapasok ay nagtuluy-tuloy ito sa kuwarto ng nobyo. Huminto naman si Maila sa sala at namamanghang pinagmasdan ang kabuuan ng condo-minium unit.

Kulay puti ang buong unit. Kulay moss green na may puting lining ang nakasabit na draperies sa bintana. Kulay itim ang tatlong naglalakihang sofa na nababalot ng napakalambot na balat; may akmang itim na center table sa gitna ng mga iyon. May halogen lights sa magkabilang gilid ng malaking sofa at sa gilid ng kuwarto ay may receiving table kung saan nakapatong ang cordless telephone at answering machine.

Walang maliliit na palamuti o figurines sa sala. Sa kabilang gilid ay ang wall unit na kinalalagyan ng isang napakalaking TV, kompletong set ng component, laser discs player, at kung anu-ano pang mamahaling kagamitan para sa paglilibang.

Sa isang side pa niyon ay walang ibang makikita kundi ang isang malaking dibuho ng isang sikat na makabagong pintor na Pilipino.

May glass doors patungo sa terrace. Sa gilid niyon ay isa pang kuwarto na may malaking pintuan na gawa rin sa salamin. Mula sa kanyang kinatatayuan, nakikita niyang may dalawang set ng computer doon, dalawang printer at isang scanner. May malaking office table; at punung-puno ng mga libro ang bookshelves na nagmumula sa sahig hanggang bubong ng silid.

Kung haharap naman siya sa kanan ng bahay, nasa gilid ng wall unit ang hagdanan papunta sa itaas ng condominium at sa tapat niyon ay ang dining room. Yari sa bakal ang dining set na itim din. Puti rin ang pintura ng mga dingding doon. Hindi na niya masilip ang kusina dahil alas seis pa lang ng umaga kaya nakapatay pa ang mga ilaw at sarado pa ang kurtina. Sa kanyang naaaninag, parang kulay puti rin ang kusina pero lahat halos ng mga kasangkapan doon ay kulay itim.

Ibinalik niya ang tingin sa sala at umupo na sa sofa. Nagulat sa lambot niyon, para siyang bata na tumaas-baba roon. Napangiti tuloy siya.

“Hindi moonwalk ’yan.”

Nagulat si Maila at biglang napatayo, sabay tingin sa pinanggalingan ng boses. Nasa hagdanan ang isang lalaki at nakasimangot habang nakatingin sa kanya. Nakasandal ito sa balustre.

“Sorry,” maikling tugon niya. Nanatili lamang itong nakatingin sa kanya at waring tinatantiya siya. Hindi niya malaman kung ano ang susunod na sasabihin.

“Sweetheart, bakit mo naman ako iniwan sa itaas? Nag-bathroom lang ako, paglabas ko, wala ka na,” ani Claire. Napansin nitong nakatingin si Andrew sa dalaga. “Siya nga pala ang sinasabi ko sa iyo, si Maila, Maila de Guzman,” pakilala nito sa dalawa. “Maila, ito si Andrew, Andrew Pamintuan. Sa kanya ka mamamasukan hanggang makabalik ako galing States.”

Noon lang tuminag ang lalaki. Bumaba ito ng hagdanan at saka siya kinamayan. “Tatal ay nandito ka na rin lang naman,” pagkuwa’y sabi nito, “puwede bang ipagtimpla mo na rin ako ng kape?”

Nagulat si Maila. Hindi siya makasagot pero marahan siyang tumango at tumalikod patungong kusina. Habang paalis ay naririnig pa niya ang pagtatalo ng dalawa.

“Bakit ba kay aga-aga pa’y dala-dala mo na ang amuyong mo dito? Hindi ka ba makapaghintay?” pagalit na tanong ni Andrew.

“Wala na akong time para makapunta ulit dito. Marami pa akong aasikasuhin at alam kong lagi ka ring busy. Pagkatapos niyang magtimpla ng kape’y aalis na rin kami. Pupunta pa ako sa designer ko’t may kukunin akong damit doon.”

Iyon lamang ang narinig ni Maila at nakarating na siya sa kusina. Hinanap niya ang ilaw at binuksan iyon. Puti ang tiles ng kitchen pero ang cupboards, cabinet at lababo ay itim.

Nataranta siya. Saan niya hahanapin ang mga asukal at kape? Nasaan ang pakuluan ng tubig? Ano ba ang inilalagay ni Andrew sa kape nito? Gatas ba o cream? Sa puntong iyon, hindi na siya nagdalawang-isip. Matapos ang unang pagkabigla, lumakas ang kanyang loob para bumalik sa sala at magtanong sa bagong amo.

“Excuse me,” simula niya, “itatanong ko lang kung nasaan iyong pakuluan ninyo.”

“Nasa cupboard sa taas ng sink,” iritadong sagot ni Andrew na nakaupo sa sofa. Nakita niyang nakasimangot din si Claire. Hindi niya gaanong

narinig ang isinagot sa kanya kaya napilitan tuloy siyang lumapit dito nang husto.

Titingnan na rin niya nang mabuti ang mukha ng lalaki. Medyo madilim sa sala nang una niya itong makita. Ngayon ay nabuksan na ang mga ilaw.

Humakbang siya palapit dito. “Sir—” tawag niya ngunit hindi na naituloy ang nais sabihin.

Marami na siyang nakitang guwapong lalaki, pati na ang may mga dating pero wala iyon sa nakikita at nadarama niya nang sandaling iyon. Guwapo si Andrew at dahil boxer shorts lamang ang suot nito, kitang-kita niya ang matipuno nitong katawan. Bigla ay nakaramdam siya ng isang klaseng emosyon na kakaiba sa kanya. Hindi siya makatinag.

Saka lamang siya natauhan nang marinig ang matigas nitong tinig.

“Ang sabi ko, Maila, nasa loob ng cupboard sa taas ng sink. Lalagyan mo na lang iyon ng tubig at ipa-plug mo deretso sa 110 volts. Hintayin mong umilaw ’yung green light at ibig sabihin, kumukulo na iyon. Sa gilid ng toaster, nandoon ang coffee set. Ayaw ko ng cream; gusto ko’y milk na nandoon sa loob ng ref. May tanong ka pa?”

“W-wala na; thank you,” tugon niya at halos

patakbong bumalik sa kusina. Pagdating doon, napasandal siya sa refrigerator. Nakaramdam siya ng panghihina; malakas ang kabog ng kanyang dibdib. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Siguro ay nagulat lamang siya dahil noon lamang siya nakakita ng lalaking halos hubad na, maliban siyempre sa kanyang nakababatang kapatid.

Naalala niya ang dapat gawin kaya kahit nakakaramdam pa ng kaunting panghihina, pinilit niyang abutin ang pakuluan.

Pagbalik sa sala ay may dala-dala na siyang isang tray na may dalawang tasa ng kape. Pagkatapos iyon ibaba sa mesa ay nanatili siyang nakatayo.

“Ayaw kong magkape, Andrew,” sabi ni Claire. “Hindi na rin kami magtatagal at may dadaanan pa ako bago pumunta sa dress shop. Idinaan ko lang si Maila para alam na niya ang papunta dito pagbalik niya sa Monday. Tatawagan na lang kita mamaya para i-confirm ang dinner natin mamayang gabi. Aalis na kami.” Tumayo na ang babae at pumunta sa pintuan kasunod si Maila.

Hinatid na sila ni Andrew hanggang sa elevator.

“Pumunta ka na lang dito sa Monday; ganitong oras din,” baling ng babae sa kanya nang nasa labas

na sila ng condominium. “Pagpasensyahan mo na si Andrew kanina. Three o’clock ng madaling-araw na siya nakauwi dahil may gulo ngayon sa kompanya nila. Halos wala na nga siyang time para sa akin, eh. Pero mabait iyon. You’ll get used to him.”

Tango lamang ang isinagot niya.

“Ihahatid na lang kita sa bus stop. May importante pa kasi akong dadaanan sa Ayala Avenue. Okay lang ba kung ibaba kita roon?”

Tumango siya ulit. Tahimik lang silang dalawa hanggang makarating sa bus stop. Bumaba na siya roon.

“Sige, Claire, happy trip. Tawagan mo na lang ako para makabalita ka.”

“Sige. Aalagaan mo si Andrew, okay?”

Tumango siya. Pinaandar na nito ang kotse. Naiwan siyang nakatayo sa sidewalk habang tinatanaw ito ng tingin.

Kaagad siyang sumakay ng bus. Magulo ang isip niya. Kung napahiya siya sa pagtrato ni Andrew sa kanya, galit na siya ngayon. Ano ang karapatan nitong utos-utusan siya? Napakabastos nito!

Sa isang banda, parte iyon ng trabahong

ipinagagawa sa kanya ni Claire. At sa laki ng ibabayad nito, hindi na siya magtataka. Mahihirapan pala siya talaga.

Ang hindi niya maintindihan ay ang reaksyon ng kanyang katawan kay Andrew.

Ipinilig niya ang ulo, pinalis ang lalaki sa isipan.

“Ang bilis mo naman! Hindi ba’t sa Laguna ka nagpunta, Ate?” takang tanong ni Rowell.

“Ha?” naguguluhang sabi ni Maila. Oo nga pala! Dapat ay hindi pa siya umuwi pero nawala na iyon sa isip niya dala ng pagkalito. “May tumawag kay Claire sa opisina nila,” pag-iimbento niya. “May emergency daw. Ibinaba na lang niya ako sa Makati at tumuloy siya sa opisina. Sa Monday, dederetso na lang ako sa Laguna.”

“At papaano ka pupunta doon? Alam mo ba kung saan ang flower plantation?” takang tanong ng kapatid.

“Pupunta na lang ako sa opisina nila at may maghahatid na daw sa akin papunta doon. Sasabay na lang ako sa mga empleyadong isina-shuttle papunta doon sa plantation. Sasabay na lang daw

ako sa mga iyon.”

“May mga empleyado na pala siya, eh, bakit ka pa kinuha?”

“Hindi ko rin nga alam,” inis niyang tugon. “Siguro, gusto lang niyang panatag ang kalooban niya habang wala siya dito. Hay naku, Rowell! Ang dami mong tanong!”

“Sige, bahala ka. Basta mag-iingat ka lang, okay?”

Tumango na lamang siya. Ayaw niyang magsinungaling sa kapatid pero napasubo na siya.

Di bale, sabi niya sa sarili, madali namang lumipas ang anim na buwan. Soon, mahaharap ko na ang grocery ko.